

# Grant Mula sa FEMA Hindi Tinuturing Kita at Hindi Mabubuwis

---

**Release Date: October 20, 2021**

**NEW YORK** – Ang mga taong tumatanggap ng mga kabayaran mula sa Social Security o iba pang mga tulong mula sa gobyerno ay hindi dapat mabahala na ang tulong para sa sakuna mula sa FEMA ay makakaapekto sa kanilang mga benepisyo.

Kung kayo ay nakatira sa mga county ng **Bronx, Kings, Nassau, Queens, Richmond, Rockland, Suffolk o Westchester** at nag-apply sa FEMA ng pederal na tulong para sa sakuna pagkatapos ng Bagyong Ida, kayo ay walang panganib na mawalan ng iba pang mga pederal na benepisyo kung saan kayo ay may karapatan.

Ang mga grant mula sa FEMA para sa sakuna ay hindi tinuturing na mabubuwis na kita. Ang pagtanggap ng isang grant mula sa FEMA ay hindi makakaapekto sa inyong benepisyo sa Social Security, Medicare, Medicaid, Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP) o iba pang mga pederal na tulong na programa.

Ang mga grant para sa sakuna ay makakatulong na magbayad para sa pansamantalang tirahan, mga mahahalagang pagpapaayos ng mga bahay dulot ng Ida, pagpapalit ng mga personal na ari-arian at iba pang mga seryosong pangangailangan na dulot ng sakuna na hindi sakop ng inyong seguro o iba pang mapagkukunan.

May iba't ibang mga paraan para mag-apply para sa pederal na tulong para sa sakuna:

- Bumisita sa [DisasterAssistance.gov](https://www.DisasterAssistance.gov), gamitin ang FEMA mobile app o tumawag sa **Linya ng Tulong ng FEMA sa 800-621-3362**. Kung kayo ay gumagamit ng serbisyo na video relay (VRS), serbisyo na captioned telephone o iba pa, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon. Mayroong mga operator sa Linya ng Tulong mula 8 ng umaga hanggang 7 ng gabi, araw-araw. Pindutin ang 2 para sa Espanyol. Pindutin ang 3 para sa isang tagapagsalin na nagsasalita ng inyong wika.



**FEMA**

Page 1 of 2

- Maaari rin kayong bumisita sa isang Sentro ng Pagbawi sa Sakuna at personal na makipag-ugnayan sa mga tauhan ng FEMA at mga kinatawan ng iba pang mga ahensyang pederal at estado na makakapagbigay ng impormasyon tungkol sa pagtulong sa sakuna. Para humanap ng sentro ng pagbawi na malapit sa inyo, bumisita sa [DRC Locator \(fema.gov\)](https://www.fema.gov/drc-locator).
- Ang Sentro ng Pagbawi sa Sakuna ng County ng Rockland ay bukas araw-araw mula 8 ng umaga hanggang 7 ng gabi sa:
  - Orangetown Soccer Club Complex, 175 Old Orangeburg Road, Orangeburg, NY 10962
- Ang mga sumusunod na sentro ay bukas ng 10 ng umaga hanggang 6 ng gabi Lunes hanggang Sabado, sarado ng Linggo:
  - Hostos College, 450 Grand Concourse, Bronx, NY 10451
  - Queens College, 152-45 Melbourne Ave., Queens, NY 11367
  - Medgar Evers College, 231 Crown St., Brooklyn, NY 11225
  - College of Staten Island, 2800 Victory Blvd., Staten Island, NY 10314
  - Michael J. Tully Park Physical Activity Center, 1801 Evergreen Ave., New Hyde Park, NY 11040
  - Rose Caracappa Senior Center, 739 NY-25A, Mount Sinai, NY 11766
  - Public Library, 136 Prospect Ave., Mamaroneck, NY 10543

Ang huling araw ng pag-apply para sa tulong ng FEMA para sa sakuna ay sa **Lunes, Dis. 6.**

Para sa karagdagang mapagkukunan sa online pati na rin ng mga downloadable na pamphlet ng FEMA at iba pang mga pantulong, bumisita sa [DisasterAssistance.gov](https://www.disasterassistance.gov) at i-click ang "Information."

Para maturo sa mga ahensya na sumusuporta sa mga pangangailangan para sa komunidad, tumawag sa 211 o bumisita sa <https://www.211nys.org/contact-us>. Para sa mga residente ng New York City, tumawag sa 311.

Para sa mga pinakabago tungkol sa pagsisikap para sa pagbawi sa Bagyong Ida, bumisita sa [www.fema.gov/disaster/4615](https://www.fema.gov/disaster/4615). Sundan kami sa Twitter sa [twitter.com/femaregion2](https://twitter.com/femaregion2) at [www.facebook.com/fema](https://www.facebook.com/fema)



**FEMA**